# Kagawaran ng Edukasyon

# Araling Panlipunan 7

## Ang Konsepto ng Kabihasnan at Ang mga Katangian Nito

## Ikalawang Markahan – Unang Linggo




Rosanna A. Lasmarias
***Manunulat***
Ma. Martha R. Ullero
***Tagasuri***
Carol C. Monroid
***Layout***
Marlyn B. Latina
Grace B. Columbino
***Katibayan ng Kalidad***



**Schools Division Office – Muntinlupa City**
Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Pagkatapos ng araling ito ay inaasahang malilinang sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na karunungan:

1. Natatalakay ang konsepto ng kabihasnan at ang mga katangian nito (MELC- Week 1 AP7KSA-IIb-1.3)
2. Nabibigyang kahulugan ang konsepto ng kabihasnan
3. Nasusuri ang mga katangian ng kabihasnan at sibilisasyon
4. Napapahalagahan ang pagkakaroon ng maunlad na kabihasnan ng mga sinaunang Asyano



## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Punan ang patlang ng letra ng tamang sagot.

______1. Bakit tinawag na "Pighati ng Tsina" ang Yellow River?
- A. Ang pagbaha ng Yellow River ay nagiging sanhi ng pagkamatay ng maraming Tsino.
- B. Naging sanhi ng pagbagsak ng mga dinastiyang Tsino.
- C. Ang nagpatalo sa Tsina sa pakikipaglaban sa mga barbaro sa hilaga.
- D. Ito ang naging sanhi ng maraming suliranin sa Tsina noong sinaunang panahon.

______2. Bakit nagkakaiba-iba ang uri ng pamumuhay ng mga Asyano sa iba't ibang panig ng kontinente?
- A. Dahilan sa nagkakaiba-iba ang hilig ng mga Asyanong naninirahan sa iba't ibang panig ng kontinente.
- B. Ang dahilan sa nagkakaiba-iba ang anyong lupa at anyong tubig na nakapaligid sa mga Asyano sa kabuuang lupain ng kontinente.
- C. Bunga ng magkakaibang uri ng kagamitan ang mga Asyano.
- D. Ang bunga ng magkakaibang gawi at pamahiin ng mga Asyano.

______3. Naging katawagan sa sinaunang pook sa Kanlurang Asya dahil sa ito ay matatagpuan pagitan ng dalawang ilog?

A. Anyang B. Mesopotamia C. Mohenjo-Daro D. Persia

______4. Tumutukoy sa dahan-dahang pagbabago ng pamumuhay ng mga sinaunang tao, ito ay makikita sa kanilang mga kagamitan at mga imbensyon na nakatulong sa kanila para mabuhay?

A. Ebolusyong Bayolohikal C. Rebolusyong kultural
B. Ebolusyong kultural D. Rebolusyong Neolitiko

______5. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na pinakamahalagang tuklas sa panahon ng Lumang Bato? Nakatulong ito bilang pantaboy sa mga mabangis na hayop at naging proteksyon mula sa malamig na panahon?

A. Apoy B. Balat ng hayop C. Pagsasaka D. Palayok

______6. Sa pag-aaral ng kasaysayan ng mga sinaunang tao, saan madalas nabubuo ang mga kabihasnan?

A. Kabundukan B. Kapatagan C. Dagat D. Lambak-ilog

______7. Ang Mesopotamia ay lugar na matatagpuan sa Fertile Crescent at pinaniniwalaang dito umusbong ang Kabihasnang Sumer, anong dalawang ilog ang nakatulong sa kanilang pag-unlad?

A. Tigris at Euphrates
B. Indus at Ganges
C. Mekong at Irrawady
D. Huang Ho at Yangtze

______8. Alin sa mga sumusunod na lungsod ang itinuturing na pinakamahalagang ebidensya o katibayan ng Kabihasnang Indus?

A. Catal Huyuk at Hacilar
B. Harrapa at Mohenjo Daro
C. Nippur at Kish
D. Ur at Uruk

______9. Tawag sa lugar na matatagpuan sa Kanlurang Asya mula sa Meditteranean Sea hanggang sa Persian Gulf kung saan nanirahan at nabuhay ang iba't ibang pangkat ng tao at natamo ang kabihasnan na siyang inilarawan ito na may matabang lupa at hugis kalahating buwan?

A. Anatolia Turkey
B. Arabian Peninsula
C. Fertile Crescent
D. Northern Tier

______10. Bansa ngayon na ang dating pangalan ay Mesopotamia?

A. India
B. Iraq
C. Iran
D. Saudi Arabia

______11. Ang pinaka-una at tinuring na pinakamatandang kabihasnan sa daigdig. Natuklasan nila ang paggamit ng Lunar Calendar at ang Decimal System.

A. Akkadian
B. Assyrian
C. Hittites
D. Sumer

______12. Natutunan ng sinaunang tao ang paggawa at paggamit ng matigas na bakal. Ano ang pangkat ng tao ang nakatuklas at luminang ng bakal?

A. Akkadian
B. Assyrian
C. Hittites
D. Sumer

______13. Pangkat ng tao sa Fertile Crescent na nakilala dahil sa pagiging malupit, agresibo at mandirigma.

A. Sumerian
B. Akkadian
C. Babylonian
D. Assyrian

______14. Ang apoy ay itinuturing na pinakamahalagang tuklas sa panahon ng lumang bato. Ang imbensyong ito ay may kinalaman sa ____.

A. Agham
B. Agrikultura
C. Sining
D. Panitikan

______15. Uri ng pamumuhay sa lipunan na nakagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao.

A. Kabihasnan
B. Kasanayan
C. Komunidad
D. Urbanisasyon



**BALIK-TANAW**

**Gawain 1: Mga Yugto ng Pag-unlad ng Sinaunang Tao.**
**Panuto:** Isulat sa bawat kolumn ang mga pangyayaring naganap sa bawat panahon sa pamamagitan ng pagpili ng mga pangyayari sa talaan sa ibaba ng kahon.


| Mga Yugto ng Pag-unlad ng Sinaunang Tao | | | |
|---|---|---|---|
| **PALEOLITIKO** | **MESOLITIKO** | **NEOLITIKO** | **METAL** |
| | | | |


- ★ Natuklasan ang apoy
- ★ Nagsimulang mag-alaga ng hayop
- ★ Natutong gumuhit at umukit
- ★ Gumawa ng mga sandatang bronze at tanso
- ★ Gumamit ang mga tao ng magaspang na bato
- ★ Gumawa ng mga tirahan
- ★ Natuto silang manahi
- ★ Naimbento ang pagsasaka
- ★ Nakipagkalakalan ang mga tao
- ★ Pinakinis ang mga batong kasangkapan
- ★ Gumawa ng palayok
- ★ Naimbento ang araro
- ★ Mamuhay bilang pangkat
- ★ Nagsuot ng damit na yari sa balat ng hayop



**PAGPAPAKILALA NG ARALIN**

**Gawain 2: Panuto:** Magbigay ng mga ideya o salita na may kinalaman sa kabihasnan at sibilisasyon at isulat sa loob ng kahon o web chart.






**Gawain 3: Panuto:** Bumuo ng kahulugan ng kabihasnan at sibilisasyon mula sa mga salita o ideya na iyong isinulat sa mga kahon ng web chart.

Ang **KABIHASNAN** ay ____________________________________________________.

Ang **SIBILISASYON** ay____________________________________________________.



**GAWAIN**

**Aralin: Mga Batayang Salik sa Pagbubuo ng Kabihasnan.**
**Gawain 4**

**Panuto:** Basahin at Suriin ang teksto at sagutan ang mga gabay na tanong sa ibaba.

| **MGA BATAYANG SALIK SA PAGBUBUO NG KABIHASNAN** |
|---|
| Ano ba ang nararapat na katawagan-kabihasnan o sibilisasyon? Ang **sibilisasyon** ay mula sa salitang ugat na ***civitas***, na salitang Latin. Ibig sabihin ng ***civitas*** ay lungsod. Kung gayon, ang sibilisasyon ay masalimuot na pamumuhay sa lungsod.<br>Sa kabilang banda, ang salitang ***kabihasnan*** na kadalasang ginagamit bilang kasingkahulugan ng sibilisasyon ay katutubo na salita sa Pilipinas. Mula ito sa salitang-ugat na ***bihasa*** – ibig sabihin ay eksperto o magaling. |

Kung gayon, ang kabihasnan ay pamumuhay na nakagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao. Maliban sa pamumuhay, kasama rito ang wika, kaugalian, paniniwala, at sining. Mas malawak ang saklaw ng salitang kabihasnan kaysa sibilisasyon dahil maaaring tawaging kabihasnan ang pamumuhay batay sa lungsod at maging ang hindi batay sa lungsod. Kabihasnan ang pamumuhay ng mga nomadikong pastoral sa damuhan ng Gitnang Asya at sa disyerto ng Arabia. Kabihasnan din ang pamumuhay ng mga mangingisda sa karagatang malapit sa mga isla sa Timog Silangang Asya.

Samantala, makitid ang saklaw ng salitang sibilisasyon. Akma lamang ito sa pamumuhay ng Sumer, Indus, at Shang. Subalit ang paninirahan sa lungsod at maging sa hindi lungsod ay kapwa kabihasnan. Mas mataas ba ang sibilisasyon kaysa kabihasnan? Hindi. Mas mataas na antas ba ang pamumuhay sa lungsod kaysa pamumuhay na nomadiko-pastoral? Hindi, sapagkat ang parehong pamumuhay ay tumutugon lamang sa hamon na hinaharap ng kapaligiran.

May mga batayang salik sa pagkakaroon ng kabihasnan. Kabilang dito ang pagkakaroon ng organisado at sentralisadong pamahalaan, masalimuot na relihiyon, espesyalisasyon sa gawaing pang-ekonomiya at uring panlipunan, mataas na antas ng kaalaman sa teknolohiya, sining at arkitektura, at sistema ng pagsusulat. Ang Sumer, Indus, at Shang ay may mga lungsod, samakatuwid sibilisasyon din sila.

Kadalasan, ang lungsod noong sinaunang panahon ay may mataas na populasyon na hindi bababa sa limang libo at napalilibutan ng pader. Agrikultura ang pangunahing gawaing pang-ekonomiya nito, malapit sa matabang lambak-ilog. Dahil sa paggawa ng irigasyon, kontrolado ang pag-apaw ng ilog. Umaani ito ng pagkain na kayang suportahan ang malaking populasyon.

Noong simula, ang namuno sa mga lungsod ay matataas na pari. Nagmula ang kapangyarihan ng pari sa kanilang kaalaman at kakayahan na kausapin ang mga diyos at diyosa. Nang lumaon, napalitan sila ng pinunong military bilang hari ng lungsod. Gayunpaman, nananatiling makapangyarihan ang pari sa larangang ispiritwal. Politeismo o paniniwala sa maraming diyos ang karaniwang relihyon. Ang mga diyos ay sumisimbolo sa mga pwersa ng kalikasan. Ilan sa mga naunang naulat na diyos ay diyos o diyosa ng pag-ani at *fertility,* diyos o diyosa ng araw, at diyosa ng ilog. Nagsasagawa ng ibat' ibang mga seremonya, dasal, at ritwal ang pari para sa mga diyos. Ang mga templo at dambana ng diyos ang sentral at pinakamalaking gusali sa lungsod.

Maliban sa mga magsasaka, nagkaroon ng ibang espesyalisasyon sa trabaho ang mamamayan. May pinunong pulitikal-militar (ang hari) at pinunong panrelihiyon (ang pari). Bukod dito, may mga artisan, mangangalakal, at sundalo. Ang uri ng gawain o trabaho ang batayan sa pagbubuo ng uring panlipunan. Nasa taas ng lipunan ang hari at pari na namumuno. Kasunod ang ilang mababang opisyal ng palasyo at templo, mangangalakal, sundalo, artisano, at magsasaka. Pinakamababang uring panlipunan ang mga alipin.

Makikita ang antas ng teknolohiya sa paggawa ng mas maraming uri ng kagamitan sa pagsasaka at iba pang Gawain. Matutuklasan ang paggamit ng iba't ibang uri ng metal. Maiimbento ang gulong at iba't ibang sasakyang pandagat at panlupa para sa kalakalan.

Sa sining at arkitektura, gagawa ang mga artisano ng iba't ibang palamuti sa katawan at magtatayo ng malalaking monumento bilang templo. Dahil sa pangangailangan na itala ang mga bagay na ipinapasok sa mga

imbakan ng templo, naimbento ng mga pari ang ilang simbolo na siyang magiging batayan ng sistema ng pagsulat.

**Mga Katanungan:**

1. Ano ang kahulugan ng sibilisasyon at kabihasnan?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

2.Ano ang pagkakatulad ng kabihasnan at sibilisasyon?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

3.Bakit mahalaga ang mga salik o batayan sa pagbuo ng kabihasnan?

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________

4-5. Kung mawala ang isang salik o batayan, masasabi mo pa bang isang kabihasnan o sibilisasyon ang mabubuo? Bakit? Ipaliwanag ang sagot.

___________________________________________________________________________

___________________________________________________________________________



**TANDAAN**

- Ang sibilisasyon ay mula sa salitang Latin na Civitas, na ang ibig sabihin ay lungsod.
- Ang kabihasnan ay mula sa salitang ugat na bihasa, ibig sabihin ay eksperto o magaling
- Ang sibilisasyon ay masalimuot na pamumuhay sa lungsod.
- Ang kabihasnan ay pamumuhay na nakagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao.
- Ang mga batayang salik sa pagkakaroon ng kabihasnan ay organisado at sentralisadong pamahalaan, relihiyon, gawaing pang-ekonomiya, mataas na antas ng teknolohiya, sistema ng pagsulat at sining at arkitektura.

**Gawain 5: Panuto**: Tumingin ka sa iyong kapaligiran, ikumpara ang katangian ng kabihasnan at sibilisasyon noon at ngayon. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

| NOON | NGAYON |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | 1.<br>2.<br>3. |



## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Gawain 6: Panuto:** Gumawa isang **SLOGAN** sa isang buong papel o short bondpaper patungkol sa pangangalaga ng ating kabihasnan.

Pamantayan sa Pagmamarka:
Pinagkunan: https://tinyurl.com/y6oo98hg

| Pamantayan | 10 | 7 | 4 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di gaaanong anipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. | Walang mensaheng naipakita. |
| Pagkamalikhain | Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulay ng mga titik. | Maganda at malinaw ng pagkakasulay ng mga titik. | Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Di maganda at malabo ang pagkakasulat ng mga titik. |
| Kaugnayan sa Paksa | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Di gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan. |
| Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkakabuo. | Malinis ang pagkakabuo. | Di gaanong malinis ang pagkakabuo. | Marumi ang pagkakabuo. |



## PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangngusap. Isulat sa patlang ang letra ng tamang sagot.

______1. Ito ay konsepto n na kasingkahulugan ng salitang sibilisasyon na inilarawan ang pamumuhay sa lipunan na nakagawian at pinipino ng maraming pangkat ng tao tungo sa yugto ng pag-unlad?
A. Kabihasnan B. Kaunlaran C. Modernisasyon D. Urbanisasyon

______2. Ang pagkakaroon ng sentralisadong pamahalaan, relihiyon, uring panlipunan, sining, arkitektura at sistema ng pagsulat ay palatandaan na mayroon nang:
A. Maunlad na kabihasnan C. Katatagang Panlipunan
B. Kalinangang Kultural D. Katatagang Pulitikal

______3. Karaniwang umunlad ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa mga …
A. Malapit sa dagat C. Sa kapatagan
B. Sa kabundukan D. Sa lambak-ilog

______4. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa kahulugan ng kabihasnan?
A. Pamumuhay na nakagawian at pinaunlad ng maraming tao
B. Pamumuhay na pinaunlad ng tao gamit ang bagong teknolohiya
C. Pamumuhay na nakagawian bunga ng pagtira sa mga lambak-ilog
D. Lahat ng nabanggit

______5. Ang salitang sibilisasyon ay mula sa salitang latin na "civitas" na ang kahulugan ay lungsod. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa konsepto ng sibilisasyon?
A. Nakasentro sa pulitika, pamilya, at relihiyon ang kanilang pamumuhay
B. May mataas na antas ng kultura at organisasyong panlipunan ang kanilang pamumuhay
C. Mayroong matataas na lungsod na naitatag sa kanilang lipunan
D. Wala sa nabanggit

______6. Sa Katutubong salita ng Pilipinas, nagmula sa salitang-ugat na *bihasa* na ang ibig sabihin ay eksperto o magaling.
A. Kabihasnan C. Paninirahan sa lungsod
B. Lambak-ilog D. Sibilisasyon

______7. Saang Kontinente ng Daigdig matatagpuan ang unang tatlong sinaunang kabihasnan?
A. Asya C. America
B. Africa D. Europa

______8. Ang mga sumusunod ay katangian ng mga sinaunang lungsod maliban sa?
A. Maliit na bilang ng populasyon
B. Agrikultura ang pangunahing gawaing pang-ekonomiya
C. Malapit sa matabang lambak-ilog
D. Pinamumunuan ng matataas na pari

______9. Ano ang tawag sa relihiyon na may paniniwala sa maraming diyos noong sinaunang panahon?
A. Animismo C. Politiesmo
B. Monoteismo D. Sinocentrismo

**Panuto:** Isulat ang **T** kung tama at **M** kung mali ang mga pahayag.

______10. Ang Kabihasnan ay unang nalinang sa mga ilog-lambak. Sa mga ilog-lambak na ito nagawang isulong ng mga tao ang kanilang kultura na tinatawag na Kabihasnan.

______11. Makikita ang antas ng teknolohiya sa paggawa na naibatay sa maraming uri ng mga kagamitan sa pagsasaka at iba pang gawain.

______12. Makitid ang saklaw ng salitang kabihasnan. Akma lamang ito sa pamumuhay ng Sumer, Indus at Shang.

______13. Ang mga kabihasnang umusbong sa Asya ay nakabatay sa katangiang pisikal nito.

______14. Sibilisasyon ang pamumuhay ng mga nomadikong pastoral sa damuhan ng Gitnang Asya at Disyerto ng Arabia.

______15. Pangingisda ang nagsilbing pamumuhay ng mga tao sa mga kabihasnan na nabuo malapit sa mga isla ng Timog-Silangang Asya.

***Sanggunian***

1. Aklat
-Asya:Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Rosemarie C. Blando, et al, Eduresources Publishing, Inc., Deped Complex, Meralco Avenue, Pasig City 2014, pp.110-111, pp.108-109

-Mateo,Ph.D.Grace Estela C, et al,Asya Pag-usbong ng Kabihasnan, Vibal Publishing House, Quezon City, 2008, pp.128-131

-Santiago, Aurora L., et al.,Araling Asyano, JO-ES Publishing House, Inc. Mc Arthur Highway, Valenzuela City 2012, pp179-183

2.Website

- https://tinyurl.com/ycyzress
- https://tinyurl.com/y6lbazt9
- https://tinyurl.com/y6oo98hg

***Susi sa Pagwawasto:***
**Unang Pagsubok**: 1.A, 2.B, 3.B, 4.B, 5.A, 6.D,7.A,8.B,9.C,10.B, 11.D,12.C,13.D,14.A,15.A
**Gawain 1**: Paleolitiko=Natuklasan ang apoy ,Gumamit ang tao ng magaspang na bato.
Mesolitiko= Natuto ang taong gumuhit at umukit.
Neolitiko= Nagsimulang mag-alaga ng hayop.Gumawa ng mga tirahan.Natuto silang manahi.
Nagsuot ang tao ng damit na yari sa balat ng hayop.Naimbento ang pagsasaka. Nakipagkalakalan ang tao
Pinakinis ang mga batong kasangkapan. Naimbento ang araro. Gumawa ng palayok.
Metal=Gumawa ng sandatang bronse at tanso
**Pang-wakas na Gawain:1.**A,2.A,3.D,4.A,5.B,6.A,7.A,8.A,9.C,10.Tama,11.Tama,12.Tama,13.Mali 14.Tama, 15.Tama